# Huwag kang bumati ng `alayka -s-salām (sumaiyo ang kapayapaan); ang `alayka -s-salām ay pagbati sa mga patay. Sabihin mo: as-salāmu `alayka (ang kapayapaan ay sumaiyo).

Ayon kay Abū Jurayy Jābir bin Sulaym, malugod si Allāh sa kanya: "Nakakita ako ng isang lalaking sumusunod ang mga tao sa pananaw niya. Wala siyang anumang sinasabi na hindi sila sumusunod doon. Nagsabi ako: Sino ito? Nagsabi sila: Ang Sugo ni Allāh, (s). Nagsabi ako nang dalawang ulit: `Alayka -s-salām (Sumaiyo ang kapayapaan), o Sugo ni Allāh. Nagsabi siya: Huwag kang bumati ng `alayka -ssalām (sumaiyo ang kapayapaan); ang `alayka -ssalām ay pagbati ng mga patay. Sabihin mo: As-salāmu `alayka (Ang kapayapaan ay sumaiyo). Nagsabi ako: Ikaw ay Sugo ni Allāh? Nagsabi siya: Ako ay Sugo ni Allāh na kapag dinapuan ng isang kapinsalaan at dumalangin ka sa Kanya, aalisin Niya iyon sa iyo; kapag dinapuan ka ng tagtuyot at dumalangin ka sa Kanya, magpapatubo Siya ng pagkain para sa iyo; kapag ikaw ay nasa isang lupang tuyot o isang disyerto at naligaw ang sasakyang kamelyo mo at dumalangin ka sa Kanya, ibabalik Niya ito sa iyo. Nagsabi ako: Habilinan mo po ako. Nagsabi siya: Huwag ka ngang manlalait ng isa man. Kaya hindi ako nanlait matapos niyon ng isang malaya ni isang alipin ni isang kamelyo ni isang tupa. [Nagsabi pa siya:] Huwag kang manghahamak ng anuman sa nakabubuti;ang kausapin mo ang kapatid habang ikaw ay may masayahing mukha sa kanya, tunay na iyan ay bahagi ng nakabubuti. Iangat mo ang tapis mo hanggang sa kalahati ng binti at kung tatanggi ka ay hanggang sa mga bukung-bukong. Kaingat ka sa pagpapalampas ng tapis sapagkat tunay na iyan ay kabilang sa kapalaluan. Tunay na si Allāh ay hindi umiibig sa kapalaluan. Kung may isang taong mang-aalipusta sa iyo at manghihiya sa iyo sa pamamgitan ng nalalaman niya sa iyo, huwag mo siyang hiyain sa pamamgitan ng nalalaman mo sa kanya sapagkat ang masamang kahihinatnan niyon ay ukol sa kanya."

[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Nagsabi si Abū Jurayy Jābir bin Sulaym, malugod si Allāh sa kanya: Nakakita ako ng isang lalaking sumasangguni ang mga tao sa sinasabi niya. Wala siyang sinasabi sa kanila na anuman na hindi nila ginagawa iyon, kaya nagsabi ako sa kanila: Sino ito? Nagsabi sila: Ito ay ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Nagsabi ako:`Alayka -ssalām, o Sugo ni Allāh; Alayka -ssalām, o Sugo ni Allāh. Nagsabi naman siya: Huwag kang bumati ng `alayka -s-salām sapagkat tunay na ito ay pagbati ng mga patay, bagkus sabihin mo: As-salāmu `alayka. Kaya nagsabi ako: Ikaw ba ay Sugo ni Allāh? Nagsabi siya: Oo; ako ay Sugo ni Allāh, ibig sabihin, ako ang isinugo ni Allāh na kapag dinapuan ka ng karalitaan at

kasawian at dumalangin ka sa Kanya nang may pagsusumamo at pagpapakaaba, aalisin Niya sa iyo ang kapinsalaang iyon; kapag dinapuan ka ng isang taon na tagtuyot na hindi tinubuan ang lupa ng anuman at dumalangin ka sa Kanya, magpapalitaw Siya roon ng halaman at palalaguin Niyo ito para sa iyo; kapag ikaw ay nasa isang lupang walang tubig at walang mga tao at nawala ang sasakyang kamelyo mo at dumalangin ka sa Kanya, ibabalik Niya ito sa iyo. Kaya nagsabi ako sa kanya: Tagubilinan mo po ako ng magpapakinabang sa akin. Nagsabi siya: Huwag ka ngang manlalait ng isa man. Kaya hindi ako nanlait matapos niyon ng isang malaya ni isang alipin ni isang kamelyo ni isang tupa. Pagkatapos ay nagsabi pa siya, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: Huwag kang mag-isangtabi ng anuman sa nakabubuti dahil sa pagmamaliit doon, huwag mong hamakin ang pakikipag-usap sa kapwa mo at iharap mo ang mukha mo nang may galak sa kanya sapagkat tunay na iyon bahagi ng nakabubuti. Iangat mo ang tapis mo at ang iba pang mga kasuutan hanggang sa kalahati ng binti, at kung ayaw mong gawin iyon ay iangat mo hanggang sa mga bukung-bukong. Walang kasalanan sa pagitan ng mga bukung-bukong at kalahati ng binti. Mag-ingat ka laban sa pagpapalampas ng tapis sapagkat tunay na iyan ay bahagi ng pagmamalaki at kahambugan. Si Allāh, kapitapitagan Siya at kataas-taasan, ay hindi umiibig doon. Kung may isang mang-aalipusta sa iyo at manghihiya sa iyo sa pamamgitan ng tinataglay mong mga pagkakasala at mga pangit na nagawa, huwag mo siyang hiyain sa pamamagitan ng tinataglay niya. Tunay na ang masamang kahihinatnan niyon ay ukol sa kanya sa Kabilang-buhay at maaaring minadali na niya ang isang bahagi nito.sa mundo.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4952

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee